Tagalog

Alberta Health Services

Provincial Injury Prevention Program

Transportasyon ng Bata (Child Transportation)

Mga Bagong Patnubay (New Guidelines)

MGA UPUAN NG SASAKYAN NA NAKAHARAP SA LIKOD
(REAR-FACING CAR SEATS)

Gumamit ng upuan ng sasakyan na nakaharap sa likod mula sa panahon na ipanganak ang iyong sanggol. Kapag masyado ng malaki ang iyong sanggol para sa upuan ng sanggol na nakaharap sa likod, gumamit ng mas malaking upuan ng sasakyan upang panatilihing nakaharap sa likod ang iyong anak.

Panatilihing nakaharap sa likod ang iyong anak hanggang sila ay lumagpas sa edad na 2 taong gulang **O** lumagpas na ang kanilang timbang o tangkad sa limitasyon ng mas malaking upuan ng sasakyan na nakaharap sa likod.

UPUAN NG SASAKYAN NA NAKAHARAP SA UNAHAN
(FORWARD-FACING CAR SEATS)

Gumamit ng upuan ng sasakyan na nakaharap sa unahan para sa iyong anak kapag lumagpas na ang kanilang edad sa 2 taong gulang **O** lumagpas na ang kanilang timbang o tangkad sa limitasyon ng mas malaking upuan ng sasakyan na nakaharap sa likod. Gumamit ng upuan ng sasakyan na nakaharap sa unahan hanggang lumagpas ang kanilang timbang o tangkad sa limitasyon ng upuan ng sasakyan na iyon.

MGA BOOSTER SEAT
(BOOSTER SEATS)

Kailangang umupo sa isang booster seat ang iyong anak kapag lumagpas ang kanilang timbang o tangkad sa limitasyon ng kanilang upuan ng sasakyan na nakaharap sa unahan. Inaangat ng booster seat ang bata upang lumapat sa kanilang maliit na katawan ang seat belt para sa mga nasa hustong gulang.

Gumamit ng booster seat hanggang umabot ang iyong anak sa tangkad na 145 cm (4 foot 9 inches) **O** lumagpas na ang kanilang timbang o tangkad sa limitasyon ng booster seat.

Pinakaligtas ang mga bata na mas bata sa edad na 13 taong gulang sa likod na upuan. Palaging basahin ang iyong manwal ng sasakyan at mga tagubilin tungkol sa upuan ng sasakyan.

Matuto Pa

Bisitahin ang www.ahs.ca/injuryprevention